Bigyan ang mga Lumang Baterya ng Bagong Buhay!

Lahat ng SARCAN depot sa buong Saskatchewan ay bahagi ng Call2Recycle. Ito ay ang pambansang programa pra sa koleksyon ng mga gamit na baterya, ang alternatibong paraan pra mabawasan ang landfill at pra makatulong sa mga residente ng Saskatchewan.

Ang Call2Recycle Canada, Inc. ay nakatuon sa proteksyon at pangangalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagkolekta at pag-recycle ng mga gamit na baterya ng mamimili. Itinatag sa taong 1997, ang organisasyon na ito ay non-profit. Ang mga kasapi ay tumutulong sa koleksyon ng mga gamit na baterya at mangasiwa ng programang mag-recycle ang mga consumer sa buong Canada sa pamamagitan ng lumalagong network nito. May higit sa 9,000 na lokasyon ng drop-off na mas madali sa lahat. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang website ng Call2Recycling.

Lahat ng 73 SARCAN Recycling depots sa buong Saskatchewan ay tumatanggap ng mga sira o hindi na gumaganang electronics. Bisitahin ang **sarcan.ca** upang mahanap ang pinakamalapit na lokasyon at malaman ang kanilang mga oras ng operasyon.

Ano Ang Mangyayari Sa Iyong Mga Baterya Kapag Ni-recycle Mo Ang Mga Ito?

Kapag ni-recycle mo ang iyong mga baterya sa SARCAN binibigyan mo sila ng pangalawang buhay! Ang iyong mga lumang baterya ay maaaring gawing bagong baterya, kaldero at kawali, mga kagamitang pilak, sunscreen, at maging mga golf club.

Bakit Kailangan Mag-recycle Ng Baterya?

1. **Upang protektahan ang wildlife at ang kapaligiran.** Ang pagre-recycle ng iyong mga lumang baterya ay nagpapanatili ng mapanganib na materyal mula sa landfill kung saan maaari itong maging banta sa kapaligiran.
2. **Upang mapanatiling ligtas ang mga tao at ari-arian sa pamamagitan ng pagbabawas ng posibleng panganib sa sunog.** Kung ang mga baterya ay hindi wastong naitapon kapag ito ay hindi na gumagana, maaari silang mag-short circuit o mag-overheat at magdulot ng sunog o pinsala.
3. **Upang gumamit ng mga lumang baterya sa paggawa ng mga bagong bagay.** Ang mga metal na nakuha sa proseso ng pag-recycle ay maaaring magamit muli upang gumawa ng mga bagong produkto!

Mag Recycle Tulad ng isang Propesyonal:

- Do you only have batteries to recycle? Don't wait in line! Speak with our cashier to find out where you can drop off your batteries without standing in line.
- Tape the terminals of batteries or place them in plastic bags before you bring them into SARCAN.
- Safely store batteries in your home, office, and school in a plastic container, and never a metal container.

SALAMAT SA PAG-RECYCLE SA SARCAN!

PAG-RECYCLE NG BATERYA SA



SARCAN RECYCLING

Pananagutan sa lipunan

Pagpapanatili ng Kapaligiran

Pagbuo ng Komunidad

SARCAN RECYCLING

Mga Baterya sa Bahay

Mga Bateryang Tinatanggap:

- **Rechargeable na Baterya:** kabilang ang Nickel Metal Hydride (Ni-MH), Nickel Cadmium (Ni-Cd), at Lithium Ion (Li-Ion) na baterya.
- **Mga isahang gamit na Baterya,** o mga baterya na hindi rechargeable ay dapat itapon sa sandalling ito ay dina gumagana: kabilang ang: Alkaline, lithium, silver oxide, zinc-air, zinc-carbon, and zinc-chloride, commonly known as AA, AAA, 9V, D-cell, and button cell.
- **Mga baterya ng eBike**
- **Mga baterya ng eScooter**
- **Mga baterya ng Cellphones**

Protektahan ang Iyong Mga Baterya!

Bago mo i-drop off ang mga ito, dapat mong ihanda ang iyong mga baterya:

- **Kapag ang baterya ay di na gumagana,** siguraduhing protektado ang terminal sa pamamagitan ng mga sumusunod:
  - Ilagay ang baterya sa plastic bag na transparent.
  - I-tape ang mga terminal ng baterya gamit ang transparent na plastic tape.
  - Ang SARCAN ay may mga transparent na plastic bag sa mga depot na pwedeng gamitin.
- **Ilagay ang mga nakabalot na baterya** sa isang plastic na lalagyan, at huwag gumamit ng isang lalagyang metal.
- **Dalhin ang mga nakabalot na baterya** sa susunod na pagbisita sa SARCAN, at ihulog sa Call2Recycle drop box!

Mga Produkto na Hindi Tinatanggap

- **Baterya na higit sa 5 kilograms (5kg) ang timbang.**
- **Baterya ng kotse at Iba pang Baterya ng Sasakyan.**
- **Maliit na selyadong baterya na Lead Acid (SSLA/Pb**

Bakit kailangan nating i-tape o i-bag ang mga baterya bago i-recycle ang mga ito sa SARCAN?

Ang mga terminal ng baterya ay maaring dumampi sa mga metal na materyal o iba pang mga baterya ay maaaring mag-spark at magdulot ng sunog o pagsabog.

Laging ilagay sa indibidwal na bag ang Lithium-Ion, Small Sealed Lead Acid, Lithium, Alkaline (over 12v), at button/coin cell na baterya. Kung hindi sigurado sa uri ng baterya, inirerekomenda ng Call2Recycle na ilagay ang baterya sa plastic o ito ay naka-tape.

Paano kung hindi tanggapin ng SARCAN?

Hindi lahat ng baterya ay tinatanggap sa SARCAN, ngunit dapat pa rin silang i-recycle nang responsable. Para sa impormasyon kung paano mag-recycle ng iba pang mga uri ng baterya, bisitahin ang database ng "kung saan magre-recycle" sa Saskatchewan Waste Reduction Council

www.saskwastereduction.ca